

Limang bagay na dapat malaman tungkol sa California Paid Family Leave

Maaari kang maging kwalipikado na makatanggap ng hindi buong kapalit na sahod para sa anim na linggo.

Nagbibigay ang California Paid Family Leave (PFL) sa mga nagtatrabaho ng mga benepisyo ng hindi buong kapalit na sahod para sa hanggang anim na linggo kada 12 buwan. Maaaring hatiin ang oras ng iyong PFL at hindi ito kailangang gamitin lahat sa isang pagkakataon.

Pera mo ito.

Ang pondo para sa mga benepisyo ng PFL ay nanggagaling sa California State Disability Insurance, na binabayaran nang buwis ng karamihan sa atin (tinatawag na "CASDI" sa karamihan ng mga paystub). Pera mo ito, hindi ito tulong na pondo mula sa pamahalaan.

Maaari mong matanggap ang humigit-kumulang 60 hanggang 70 porsyento ng iyong sahod.

Kung nagbayad ka ng mga buwis sa California State Disability Insurance sa nakalipas na 5 hanggang 18 buwan, maaari kang maging kwalipikado. Bisitahin ang **edd.ca.gov/PFL_Calculator** upang kalkulahin ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo.

Hindi lang ito para makasama ng magulang ang bagong silang na anak.

Magagamit din ang PFL ng mga magulang na nag-ampon at mga magulang na tumatayong tagapangalaga (foster parent). Dapat gamitin ang leave sa loob ng 12 buwan mula sa pagdating ng bata sa pamilya. Maaari mo ring gamitin ang PFL upang maalagaan ang isang miyembro ng pamilyang may malubhang karamdaman (anak, magulang, biyenan, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o nakarehistrong kinakasama).

Sulit ito.

Ang pagkuha ng PFL ay nangangailangan ng dokumentasyon at maaaring abutin nang ilang linggo bago maproseso. Maglaan ng oras para sa mahahalagang sandali.

CALIFORNIA
PAID FAMILY LEAVE
moments matter.

EDD Employment Development Department
State of California

Bisitahin ang **CaliforniaPaidFamilyLeave.com** upang matuto pa.

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang mga karagdagang tulong at serbisyo kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Para sa mga user ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.